

Antas ng kasanayan at Hamong Kinahaharap sa Akademikong Pagsulat ng Talata ng mga Mag-aaral: Batayan sa Pagbuo ng Interbensiyong Plan

Angelica S. Deleña¹, Glen Dale B. Pecson², Dr. Baby S. Abagon³

Sta. Cruz South High School President Ramon Magsaysay State University

ABSTRACT: Ang pag-aaral na ito ay isinagawa upang matukoy ang antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng talata gamit ang teknolohiya ng mga mag-aaral, partikular sa pagbuo ng panimula, katawan, at konklusyon, gayundin ang mga hamong kanilang kinahaharap sa proseso ng pagsulat. Ginamit sa pananaliksik ang deskriptibong metodo, at ang mga tagatugon ay binubuo ng 145 na mag-aaral. Ang datos ay nakalap sa pamamagitan ng talatanungan at sinuri gamit ang frequency, percentage, at weighted mean. Batay sa resulta, lumitaw na mababa ang antas ng kasanayan sa pagbuo ng panimula at konklusyon, samantalang katamtaman lamang ang antas ng kasanayan sa pagbuo ng katawan ng talata. Ang pangkalahatang antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng talata gamit ang teknolohiya ay katamtaman. Bukod dito, ipinakita ng mga resulta na sumasang-ayon ang mga mag-aaral na sila ay nakararanas ng mga hamon sa lahat ng bahagi ng akademikong sulatin. Kabilang sa mga pangunahing hamon ang labis na pagdepende sa teknolohiya, kakulangan sa organisasyon ng ideya, at hirap sa pagbubuo at sintesis ng kaisipan. Batay sa mga natuklasan, iminungkahi ang isang technology-integrated at process-based interbensiyong plano upang higit na mapaunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat.

Keywords-*Akademikong Pagsulat, Teknolohiya sa Edukasyon, Pagsulat ng Talata, Panimula, Katawan, Konklusyon, Mga Hamon sa Pagsulat, Digital Writing Tools*

I. INTRODUCTION

Sa patuloy na pag-unlad ng teknolohiya, nagkaroon ng malaking pagbabago sa paraan ng pagtuturo at pagkatuto, partikular sa larangan ng akademikong pagsulat. Ang paggamit ng mga kagamitang teknolohikal tulad ng word processors, online learning platforms, digital modules, at grammar-checking applications ay naglalayong mapadali at mapahusay ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng talata. Sa pamamagitan ng teknolohiya, nagkakaroon ang mga mag-aaral ng mas malawak na akses sa impormasyon at mas mabilis na paraan ng pag-eedit at pagwawasto ng kanilang mga naisulat.

Gayunpaman, sa kabila ng mga benepisyong dulot ng teknolohiya, napapansin pa rin ang kahinaan ng ilang mag-aaral sa pagbuo ng panimula, katawan, at konklusyon ng talata. Marami pa rin ang nahihirapan sa malinaw na pagpapahayag ng ideya, lohikal na pagkakasunod-sunod ng kaisipan, at wastong paggamit ng wika kahit gumagamit na ng teknolohiya.

Dahil dito, isinagawa ang pag-aaral na ito upang matukoy ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat ng talata gamit ang teknolohiya, alamin ang mga hamong kanilang kinahaharap, at makapagpanukala ng isang interbensiyong plano na makatutulong sa patuloy na pagpapaunlad ng kanilang kakayahan sa pagsulat.

II. LAYUNIN NG PAG-AARAL

Sa makabagong panahon, naging mahalagang kasangkapan ang teknolohiya sa proseso ng pagkatuto, lalo na sa larangan ng akademikong pagsulat. Sa tulong ng mga digital na kagamitan tulad ng word processing applications, online references, grammar-checking tools, at iba pang platapormang pang-edukasyon, inaasahang mas napauunlad ang kasanayan ng mga mag-aaral sa pagsulat ng talata. Gayunpaman, sa kabila ng pagkakaroon ng mga makabagong teknolohiyang ito, nananatili pa rin ang ilang suliranin sa pagbuo ng malinaw, lohikal, at organisadong talata, partikular sa panimula, katawan, at konklusyon.

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang antas ng kasanayan sa akademikong pagsulat ng talata ng mga mag-aaral gamit ang teknolohiya, ang mga hamong kanilang kinahaharap, at ang posibleng interbensiyong maaaring imungkahi upang higit pang mapaunlad ang kanilang kakayahan sa pagsulat.

Partikular nitong sinasagot ang mga sumusunod na tanong:

1. Ano ang antas ng kasanayan sa Akademikong Pagsulat ng Talata gamit ang teknolohiya ng mga mag-aaral ayon sa:
 - 1.1 Pagbuo ng Panimula;
 - 1.2 Pagbuo ng Katawan; at
 - 1.3 Pagbuo ng Konklusyon?
2. Ano ang mga hamong kinahaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng talata gamit ang teknolohiya ayon sa:
 - 2.1 Pagbuo ng Panimula;
 - 2.2 Pagbuo ng Katawan; at
 - 2.3 Pagbuo ng Konklusyon?
3. Anong interbensiyong plano ang maaaring imungkahi batay sa resulta ng pag-aaral upang higit na mapaunlad ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa Akademikong Pagsulat ng Talata gamit ang teknolohiya?

III. METODOLOHIYA

Ginamit sa pag-aaral na ito ang deskriptibong pananaliksik upang mailarawan ang antas ng kasanayan at mga hamong nararanasan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat ng talata gamit ang teknolohiya. Ang mga kalahok ng pag-aaral ay binubuo 145 na mga mag-aaral na kasalukuyang gumagamit ng teknolohikal na kagamitan sa kanilang mga gawain sa pagsulat sa mataas na paaralan Sta. Cruz South High School, Sta. Cruz Zambales, Taung Panuruan 2025-2026.

Gumamit ang mananaliksik ng talatanungan (questionnaire) at rubrik sa pagsulat bilang pangunahing instrumento sa pangangalap ng datos. Ang talatanungan ay nakatuon sa: antas ng kasanayan sa pagbuo ng panimula, katawan, at konklusyon gamit ang teknolohiya; at mga hamong kinahaharap ng mga mag-aaral sa bawat bahagi ng talata. Ang mga nakalap na datos ay sinuri gamit ang frequency, percentage, at weighted mean upang matukoy ang pangkalahatang antas ng kasanayan at antas ng mga hamon. Batay sa resulta ng pagsusuri, bumuo ang mananaliksik ng isang angkop na interbensiyong plano.

IV. RESULTA AT INTERPRETASYON

Ang bahaging ito ay naglalaman ng mga resulta at pag-analisa batay sa mga datos na nakalap.

1. **Antas ng kasanayan sa Akademikong Pagsulat ng Talata gamit ang teknolohiya ng mga mag-aaral ayon sa:**
 - 1.1 **Pagbuo ng Panimula**

Talahanayan 1

Antas ng Kasanayan sa Pagbuo ng Panimula gamit ang Teknolohiya

Antas ng Kasanayan	Iskala	Frequency	Porsyento
Napakataas	4	12	8.28%
Mataas	3	28	19.31%
Katamtaman	2	45	31.03%
Mababa	1	60	41.38%
Kabuuan		145	100%
Weighted Mean	1.94	Mababa	

Ipinakikita sa Talahanayan 1 na 41.38% ng mga mag-aaral ay nasa mababang antas ng kasanayan sa pagbuo ng panimula, na nagresulta sa weighted mean na 1.94, na may deskripsiyong *Mababa*. Ipinahihiwatig nito na bagama't may akses ang mga mag-aaral sa teknolohiya, nananatili pa rin ang kahirapan sa pagbuo ng malinaw at epektibong panimula ng akademikong talata. Ayon kina Hyland (2019), ang pagbuo ng panimula ay nangangailangan ng malinaw na layunin, konteksto, at akademikong tono— mga kasanayang hindi awtomatikong nalilinig sa paggamit lamang ng teknolohiya. Pinatutunayan din ni Graham at Perin (2007) na ang teknolohiya ay epektibo lamang kung sinasabayan ng tahasang pagtuturo ng estruktura ng pagsulat.

1.2 Pagbuo ng Katawan Talahanayan 2

Antas ng Kasanayan sa Pagbuo ng Katawan ng Talata gamit ang Teknolohiya

Antas ng Kasanayan	Iskala	Frequency	Porsyento
Napakataas	4	20	13.79%
Mataas	3	40	27.59%
Katamtaman	2	55	37.93%
Mababa	1	30	20.69%
Kabuuan		145	100%
Weighted Mean	2.34	Katamtaman	

Ipinapakita sa Talahanayan 2 na ang pinakamataas na porsyento (37.93%) ay nasa katamtamang antas, na may weighted mean na 2.34, na may deskripsyong *Katamtaman*. Ipinapakita nito na mas nagagamit ng mga mag-aaral ang teknolohiya sa pagpapalawak ng ideya at pagbibigay ng detalye sa katawan ng talata. Ayon kay Beatty (2013), ang mga digital tool tulad ng word processors at online references ay nakatutulong sa paglinang ng detalye at ebidensya sa pagsulat. Gayunpaman, binigyang-diin ni Swales at Feak (2012) na ang organisasyon at lohikal na daloy ng ideya ay nangangailangan pa rin ng malinaw na estratehiya sa akademikong pagsulat.

1.3 Pagbuo ng Konklusyon

Talahanayan 3

Antas ng Kasanayan sa Pagbuo ng Konklusyon gamit ang Teknolohiya

Antas ng Kasanayan	Iskala	Frequency	Porsyento
Napakataas	4	10	6.90%
Mataas	3	25	17.24%
Katamtaman	2	45	31.03%
Mababa	1	65	44.83%
Antas ng Kasanayan	Iskala	Frequency	Porsyento
Kabuuan		145	100%
Weighted Mean	1.86	Mababa	

Ipinapakita sa Talahanayan 3, 44.83% ng mga mag-aaral ang nasa mababang antas, na may weighted mean na 1.86, na may deskripsyong *Mababa*. Ipinahihiwatig nito na ang konklusyon ang isa sa pinakamahina sa mga bahagi ng akademikong talata. Ayon kay McCarthy (2015), ang konklusyon ay nangangailangan ng sintesis at pagbubuo ng ideya isang mataas na antas ng kasanayang kognitibo na hindi madaling maisagawa kahit may teknolohiyang ginagamit.

Talahanayan 4

Buod ng Antas ng Kasanayan sa Akademikong Pagsulat ng Talata gamit ang Teknolohiya

Bahagi ng Talata	Weighted Mean	Deskripsyon
Panimula	1.94	Mababa
Katawan	2.34	Katamtaman
Konklusyon	1.86	Mababa
Overall Weighted Mean	2.05	Katamtaman

Ipinapakita ng Talahanayan 4 na ang pangkalahatang weighted mean na 2.05 ay may deskripsyong *Katamtaman*. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral ay may limitadong kasanayan sa akademikong pagsulat ng talata gamit ang teknolohiya, lalo na sa panimula at konklusyon. Ito ay umaayon sa pag-aaral ni Lim at Smith (2017) na nagsasabing ang teknolohiya ay nagiging epektibo lamang kapag isinama sa malinaw na pedagogical framework.

2. Ang mga hamong kinahaharap ng mga mag-aaral sa pagsulat ng talata gamit ang teknolohiya ayon sa:

2.1 Pagbuo ng Panimula

Talahanayan 5
Mga Hamon sa Pagbuo ng Panimula gamit ang Teknolohiya

Mga Indikektor	Weighted Mean	Deskripsyon	Ranggo
Hirap sa pagbuo ng malinaw na paksang pangungusap	3.32	Sumasang-ayon	3
Hindi kaakit-akit ang panimula kahit may teknolohiya	3.25	Sumasang-ayon	5
Hirap sa pag-uugnay ng ideya sa paksa	3.28	Sumasang-ayon	4
Labis na pag-asa sa auto-generated content	3.41	Sumasang-ayon	1
Hirap sa pagpili ng angkop na ideya online	3.35	Sumasang-ayon	2
Pangkalahatang Mean	3.32	Sumasang-ayon	

Ipinapakita sa Talahanayan 5 ang Mga Hamon sa Pagbuo ng Panimula gamit ang Teknolohiya. Sa mga indikektor, ang pinakamataas ang weighted mean sa “Labis na pag-asa sa auto-generated content” (3.41). Ipinapahiwatig nito na ang sobrang pagdepende sa AI-based writing tools at online generators ay nagiging hadlang sa paglinang ng sariling akademikong boses ng mga mag-aaral. Sa halip na magsilbing gabay, nagiging pamalit ang teknolohiya sa kritikal na pag-iisip at malikhaing pagbuo ng panimula.

Samantala, ang pinakamababang weighted mean “Hindi kaakit-akit ang panimula kahit may teknolohiya” (3.25) ay nagpapakita na kulang pa rin ang kasanayan ng mga mag-aaral sa lohikal na pagdaloy ng ideya at sa paggamit ng angkop na estratehiya upang makahikayat ng mambabasa. Ipinahihiwatig nito na ang teknolohiya ay hindi sapat upang awtomatikong makalikha ng epektibong panimula kung walang sapat na kaalaman sa estruktura at layunin ng akademikong pagsulat.

Sa kabuuan, ang pangkalahatang mean na 3.32 ay nagpapakita na sumasang-ayon ang mga respondente na may malinaw na hamon sa pagbuo ng panimula gamit ang teknolohiya. Nangangahulugan ito na kinakailangan ang balanseng paggamit ng teknolohiya at masinsinang paggabay ng guro upang mapalakas ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pagsusuri, organisasyon ng ideya, at malikhaing pagpapahayag sa panimula ng akademikong sulatin.

Ayon kina Bond et al. (2020), ang labis na pagdepende ng mga mag-aaral sa digital at AI-based tools ay maaaring magresulta sa mababang antas ng kritikal na pag-iisip at limitadong pagbuo ng sariling ideya, lalo na sa mga panimulang bahagi ng akademikong sulatin. Dagdag pa rito, binigyang-diin nina Koltay (2019) na ang kakulangan sa information literacy ay nagdudulot ng kahirapan sa pagpili ng angkop at mapagkakatiwalaang ideya online, na direktang nakaaapekto sa kalidad ng panimula at kabuuang direksiyon ng akademikong papel. Samantala, ipinakita sa pag-aaral nina Zawacki-Richter et al. (2019) na bagama’t may potensyal ang artificial intelligence sa edukasyon, nagiging problema ito kapag ginamit bilang pamalit sa aktwal na proseso ng pag-iisip at pagsulat ng mag-aaral, partikular sa pagbuo ng makabuluhan at orihinal na teksto.

2.2 Pagbuo ng Katawan

Talahanayan 6 : Mga Hamon sa Pagbuo ng Katawan ng Talata gamit ang Teknolohiya

Mga Indikektor	Weighted Mean	Deskripsyon	Ranggo
Hirap sa organisasyon ng ideya	3.30	Sumasang-ayon	4
Kakulangan sa kohirensya ng mga pangungusap	3.27	Sumasang-ayon	5
Hirap sa wastong paggamit ng digital na sanggunian	3.34	Sumasang-ayon	3
Kakulangan sa pagpapaliwanag ng ideya sa sariling pananalita	3.38	Sumasang-ayon	2
Labis na pagdepende sa teknolohiya	3.45	Sumasang-ayon	1
Pangkalahatang Mean	3.35	Sumasang-ayon	

Ipinapakita sa Talahanayan 6, Mga Hamon sa Pagbuo ng Katawan ng Talata gamit ang Teknolohiya. Sa mga indiktor, pinakamataas ang weighted mean sa “Labis na pagdepende sa teknolohiya” (3.45) ranggo 1 na ang ibig sabihin ay *Sumasang-ayon*. Ipinahihiwatig nito na ang labis na pag-asa sa mga automated tools gaya ng grammar checkers, AI-based writing assistants, at online sources ay nagiging hadlang sa paglinang ng sariling kakayahan sa kritikal na pag-iisip at malikhaing pagsulat. Dahil dito, nahihirapan ang mga mag-aaral na bumuo ng mga talatang may malinaw na argumento at personal na pagpapaliwanag.

Samantala, ang pinakamababag weighted mean ay “Kakulangan sa kohirensya ng mga pangungusap” (3.27) ay nagpapakita na kahit may access sa teknolohiya, nananatiling hamon ang lohikal na pag-aayos ng mga ideya at ang maayos na pag-uugnay ng mga pangungusap sa loob ng talata. Ipinahihiwatig nito na ang teknolohiya ay hindi awtomatikong nakapagpapahusay ng estruktura at daloy ng akademikong pagsulat kung walang sapat na kasanayan at gabay ang mag-aaral.

Sa kabuuan, ang pangkalahatang mean na 3.35 ay nagpapakita na sumasang-ayon ang mga respondente na ang teknolohiya, bagama’t kapaki-pakinabang, ay may kaakibat ding hamon sa pagbuo ng katawan ng talata. Nangangahulugan ito na kinakailangan ang balanseng paggamit ng teknolohiya at masusing paggabay ng guro upang mapalakas ang kasanayan ng mga mag-aaral sa organisasyon, kohirensya, at kritikal na pagpapahayag ng ideya.

Ipinapakita ng pag-aaral nina Ranalli, Link, at Chukharev-Hudilainen (2017/2018) na bagama’t nakatutulong ang mga automated writing evaluation tools sa teknikal na aspekto ng pagsulat, limitado ang kakayahan ng mga ito sa pagpapahusay ng diskurso, kohirensya, at malalim na pagbuo ng ideya. Binibigyang-diin ng pag-aaral na nagiging labis ang pag-asa ng mga mag-aaral sa teknolohiya, na nagreresulta sa mababaw na elaborasyon ng nilalaman. Dagdag pa rito, ayon kina Ariyanti at Fitriana (2017/2018), maraming mag-aaral ang nahihirapang i-organisa ang ideya at ipahayag ito sa sariling pananalita dahil sa madalas na pagkopya at pagdepende sa online sources. Ipinapakita ng kanilang pananaliksik na ang teknolohiya ay nagiging hadlang sa paglinang ng akademikong boses kung hindi sinasabayan ng sapat na kasanayan sa pagsulat.

Samantala, binigyang-diin ni Redecker (2017/2018) na mahalaga ang digital competence sa akademikong pagsulat. Ayon sa kanya, ang kakulangan sa kasanayan sa wastong paggamit ng digital na sanggunian at impormasyon ay nagdudulot ng problema sa kohirensya at kredibilidad ng akademikong akda.

2.3 Pagbuo ng Konklusyon

Talahanayan 7
Mga Hamon sa Pagbuo ng Konklusyon gamit ang Teknolohiya

Mga Indiktor	Weighted Mean	Deskripsyon	Ranggo
Hirap sa pagbubuo ng mahahalagang ideya	3.40	Sumasang-ayon	1
Hindi malinaw ang mensahe ng konklusyon	3.36	Sumasang-ayon	2
Kakulangan sa makabuluhang pagtatapos	3.33	Sumasang-ayon	3
Pag-uulit lamang ng ideya	3.29	Sumasang-ayon	5
Hirap sa wastong pananalita sa konklusyon	3.31	Sumasang-ayon	4
Pangkalahatang Mean	3.34	Sumasang-ayon	

Ipinapakitasa Talahanayan 7 Mga Hamon sa Pagbuo ng Konklusyon gamit ang Teknolohiya. Sa mga indiktor, ang pinakamataas ang weighted mean sa “Hirap sa pagbubuo ng mahahalagang ideya” (3.40), na nagpapahiwatig na nahihirapan ang mga mag-aaral na pagsama-samahin at ibuod ang mga pangunahing ideya ng buong papel sa isang lohikal at pinaikling paraan. Bagama’t may access sila sa teknolohiya, kulang pa rin ang kasanayan sa synthesis—isang mahalagang elemento ng epektibong konklusyon.

Samantala, ang ang pinakamababag weighted mean “Pag-uulit lamang ng ideya” (3.29) ay nagpapakita na maraming mag-aaral ang nahihirapang gumamit ng angkop na wika at estratehiya sa konklusyon. Sa halip na magbigay ng bagong pananaw o pangkalahatang implikasyon, nauuwi lamang ang konklusyon sa simpleng pag-uulit ng mga naunang ideya—isang indikasyon ng labis na pagdepende sa teknolohikal na tulong kaysa sa sariling kritikal na pag-iisip.

Sa kabuuan, ang pangkalahatang mean na 3.34 ay nagpapakita na sumasang-ayon ang mga respondente na may malinaw na hamon sa pagbuo ng konklusyon gamit ang teknolohiya. Ipinahihiwatig nito ang pangangailangan ng mas sistematikong paggabay ng guro sa tamang estruktura at layunin ng konklusyon, pati na rin ang responsableng paggamit ng teknolohiya bilang suporta at hindi kapalit ng kakayahang analitikal ng mga mag-aaral.

Ayon kina Hyland (2018), ang konklusyon ay isa sa pinakamahirap na bahagi ng akademikong pagsulat dahil nangangailangan ito ng synthesis, repleksiyon, at malinaw na pagbibigay-diin sa kabuluhan ng pag-aaral. Binibigyang-diin niya na ang teknolohiya ay hindi sapat upang mapabuti ang kalidad ng konklusyon kung walang sapat na kaalaman ang mag-aaral sa retorikal na layunin nito.

Dagdag pa rito, ipinakita sa pag-aaral nina Zhai at Ma (2019) na ang labis na pag-asa sa automated writing tools ay nagreresulta sa paulit-ulit at mababaw na konklusyon, kung saan inuulit lamang ng mga mag-aaral ang mga ideya mula sa katawan ng papel nang walang malalim na interpretasyon.

Samantala, binigyang-diin nina Ranalli et al. (2018) na bagama't kapaki-pakinabang ang teknolohiya sa pagwawasto ng mekaniks ng wika, limitado ang kakayahan nito sa pagtulong sa pagbuo ng malinaw, makabuluhan, at lohikal na pagtatapos ng akademikong sulatin.

Talahanayan 8
Buod ng Resulta ng Mga Hamon

Variable	Pangkalahatang Mean	Deskripsyon	Ranggo
Hamon sa Panimula	3.32	Sumasang-ayon	3
Hamon sa Katawan	3.35	Sumasang-ayon	1
Hamon sa Konklusyon	3.34	Sumasang-ayon	2
Kabuuan	3.34	Sumasang-ayon	

Ipinapakita sa Talahanayan 8 ang buod ng pangkalahatang resulta ng mga hamon sa akademikong pagsulat gamit ang teknolohiya, partikular sa panimula, katawan, at konklusyon, ang kabuuang mean na 3.34 na may deskripsiyong “Sumasang-ayon” ay nagpapahiwatig na malinaw na kinikilala ng mga mag-aaral ang patuloy na pag-iral ng mga hamon sa lahat ng bahagi ng akademikong sulatin kahit gumagamit ng teknolohiya.

Makikita na ang pinakamataas na pangkalahatang mean ay sa “Hamon sa Katawan” (3.35), na nagpapakita na higit na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbuo ng nilalaman ng talata, lalo na sa organisasyon ng ideya, kohirensya ng pangungusap, at wastong paggamit ng digital na sanggunian. Ipinahihiwatig nito na ang katawan ng sulatin ang bahaging nangangailangan ng mas mataas na antas ng kritikal na pag-iisip at pagpapaliwanag, na hindi ganap na natutulungan ng teknolohiya kung walang sapat na kasanayan ang manunulat.

Sinundan ito ng “Hamon sa Konklusyon” (3.34), na nagpapakita na halos kapantay ng hamon sa katawan ang suliranin sa pagbuo ng malinaw at makabuluhang pagtatapos ng akademikong papel. Ipinahihiwatig nito na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbubuo, synthesis ng ideya, at pagbibigay-diin sa kabuluhan ng pag-aaral—mga kasanayang nangangailangan ng masusing pag-unawa at hindi lamang teknikal na tulong.

Samantala, ang “Hamon sa Panimula” (3.32), bagama't bahagyang mas mababa, ay nagpapakita pa rin ng antas ng pagsang-ayon. Ipinahihiwatig nito na nahihirapan ang mga mag-aaral sa pagbibigay ng malinaw na konteksto, layunin, at direksiyon ng pag-aaral sa simula ng kanilang sulatin, kahit may tulong ng teknolohiyang pang-akademiko.

Sa kabuuan, ang kabuuang mean na 3.34 ay nagpapakita na sumasang-ayon ang mga respondente na ang teknolohiya ay hindi sapat na solusyon sa mga hamon sa akademikong pagsulat. Sa halip, binibigyang-diin ng resulta ang pangangailangan ng balanseng paggamit ng teknolohiya at sistematikong paggabay ng guro upang malinang ang kakayahan ng mga mag-aaral sa kritikal na pag-iisip, organisasyon ng ideya, at makabuluhang pagpapahayag sa lahat ng bahagi ng akademikong sulatin.

3. INTERBENSIYONG PLAN (ACTION PLAN)

Ang iminungkahing interbensiyong plano ay nakaangkla sa mga natukoy na kahinaan at hamon. Ayon kay Graham (2018), ang process-based at guided writing na sinusupportahan ng teknolohiya ay napatunayang epektibo sa pagpapaunlad ng kasanayan sa akademikong pagsulat.

Talahanayan 9
Iminungkahing Interbensiyong Plano sa Akademikong Pagsulat ng Talata gamit ang Teknolohiya

Layunin	Estratehiya / Gawain	Mga Kagamitang Teknolohikal	Tagapagpatupad	Inaasahang Bunga
Mapabuti ang pagbuo ng panimula	Guided digital writing exercises	Google Docs, online writing prompts	Guro	Mas malinaw at tiyak na panimula
Mapahusay ang organisasyon ng katawan	Graphic organizers at outline tools	Mind-mapping apps, word processor	Guro at mag-aaral	Mas lohikal at organisadong talata
Mapalakas ang konklusyon	Sentence-combining at synthesis activities	Digital modules, sample texts	Guro	Mas makabuluhang pagtatapos
Mabawasan ang labis na pagdepende sa teknolohiya	Process-based writing approach	Writing drafts with feedback	Guro	Mas aktibong kritikal na pag-iisip
Mapalawak ang kasanayan sa akademikong pagsulat	Online peer-review at feedback	LMS, online rubrics	Guro at mag-aaral	Mas mataas na antas ng kasanayan

KONGKLUSYON

Batay sa mga resulta ng pag-aaral, napatunayan na ang antas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa akademikong pagsulat ng talata gamit ang teknolohiya ay katamtaman lamang, na may malinaw na kahinaan sa pagbuo ng panimula at konklusyon. Bagama't nakatutulong ang teknolohiya sa katawan ng talata, hindi nito sapat na natutugunan ang mas mataas na kasanayang kinakailangan sa akademikong pagsulat.

REKOMENDASYON

1. Para sa mga guro, Ipatupad ang technology-integrated at process-based writing instruction.
2. Para sa mga guro, Bigyang-diin ang pagsasanay sa panimula at konklusyon.
3. Para sa Administrasyon, Sanayin ang mga guro sa pedagogical use of technology.
4. Para sa mga guro, Hikayatin ang responsableng paggamit ng teknolohiya upang mapalakas ang kritikal na pag-iisip.
5. Para sa susunod na mananaliksik, Magsagawa ng karagdagang pag-aaral sa iba't ibang antas ng edukasyon.

MGA SANGGUNIAN

- [1] Ariyanti, A., & Fitriana, R. (2018). *EFL students' difficulties and needs in essay writing*. Advances in Social Science, Education and Humanities Research, 253, 111–121.
- [2] Beatty, K. (2013). *Teaching and researching computer-assisted language learning*.
- [3] Bond, M., Bedenlier, S., Marín, V. I., & Händel, M. (2020). Emergency remote teaching in higher education: Mapping the first global online semester. *International Journal of Educational Technology in Higher Education*, 17(1), 1–24. <https://doi.org/10.1186/s41239-020-00201-0>
- [4] Graham, S., & Perin, D. (2007). Writing next. *Alliance for Excellent Education*.
- [5] Hyland, K. (2018). *Metadiscourse: Exploring interaction in writing* (2nd ed.). Bloomsbury Academic.
- [6] Hyland, K. (2019). *Second language writing*. Cambridge University Press.
- [7] Koltay, T. (2019). Information overload, information literacy and digital stress. *Journal of Documentation*, 75(5), 1126–1140. <https://doi.org/10.1108/JD-07-2018-0117>
- [8] Ranalli, J., Link, S., & Chukharev-Hudilainen, E. (2018). *Automated writing evaluation for formative assessment of second language writing: Investigating the accuracy and usefulness of feedback*. *Journal of Second Language Writing*, 40, 1–17. <https://doi.org/10.1016/j.jslw.2018.02.001>
- [9] Redecker, C. (2017/2018). *European framework for the digital competence of educators: DigCompEdu*. Publications Office of the European Union. Routledge.
- [10] Selwyn, N. (2016). *Education and technology*. Bloomsbury.
- [11] Zawacki-Richter, O., Marín, V. I., Bond, M., & Gouverneur, F. (2019). Systematic review of research on artificial intelligence applications in higher education. *International Journal of Educational*
- [12] Zhai, X., & Ma, Q. (2019). Effects of automated writing evaluation on EFL students' writing ability. *Computer Assisted Language Learning*, 32(4), 1–24. <https://doi.org/10.1080/09588221.2018.1527364>